# Interdisiplinarisasyon ng General Education (GE): Salungat sa Layunin ng GE mismo?

Ramon G. Guillermo

Ang konsepto ng "Bildung" ng Alemang linggwista, pilosoper at edukador na si Wilhelm von Humboldt (1767–1835) ang isa sa pinaka-impluwensiyal na konsepto sa larangan ng pedagohiya. Ayon sa kanya, "Ang tunay na layunin ng tao ay ang pinakamataas at balanseng paghubog [Bildung] ng kanyang mga lakas sa iisang kabuuan" (Der wahre Zweck des Menschen ist die höchste und proportionirlichste Bildung seiner Kräfte zu einem Ganzen) (Humboldt 1964, 64). (Bagamat hindi ganap na maisasalin ang "Bildung" sa terminong "edukasyon" ay gagamitin ang saling ito sa kasalukuyang artikulo bilang hindi ganap na nakasisiyang gloss.) Ipinaliwanag ito nang mas malaliman ni Humboldt sa kanyang sanaysay na "Plano Para sa Pagtatatag ng mga Eskwela sa Lithuania" (Litauischer Schulplan):

> Pero ang lahat ng paaralan na tinatanggap bilang paaralan, hindi lamang ng iisang katayuang panlipunan [Stand] kundi ng buong bansa o ng estado ay kailangang maghangad na magbigay lamang ng pangkalahatang edukasyon [Bildung] ng tao. Ang kinakailangan ng buhay o ng isa sa mga okupasyon nito ay dapat ibinubukod, at pagkaraan ng kumpletong pangkalahatang edukasyon [Bildung] lamang makukuha. Kapag pinaghalo ang dalawang ito ay hind

magiging puro ang edukasyon [Bildung] at ang kalalabasan nito ay hindi mga ganap na tao ni ganap na mamamayan mula sa partikular na mga uri [Klasse] … Sapagkat ang dalawang uri ng edukasyon [Bildung]—ang pangkalahatan at ang espesyalisado—ay ginagabayan ng magkakaibang batayan. Sa pamamagitan ng pangkalahatang edukasyon ay dapat mapalakas, madalisay at maisaayos ang mga lakas ng tao; sa pamamagitan ng espesyalisadong edukasyon ay dapat makatanggap lamang siya ng kahusayan sa aplikasyon ng kaalaman. Para sa naunang uri, ang bawat kaalaman, ang bawat kasanayan na hindi nakapagpapaangat ng lakas ng kaisipan at kapangyarihan ng imahinasyon sa pamamagitan ng ganap na pagkatalos sa pagkakahanay ng batayan ng mga ito, o sa pamamagitan ng pag-aangat ng mga ito sa isang pangkalahatang pagtanaw (tulad ng pang-matematika o pang-estetika), at sa pamamagitan ng dalawa, ang kalooban [Gemüth], ay patay at walang maibubunga.

(Alle Schulen aber, deren sich nicht ein einzelner Stand, sondern die ganze Nation, oder der Staat für diese annimmt, müssen nur allgemeine Menschenbildung bezwecken.—Was das Menschenbildung bezwecken.—Was das Bedürfniß des Lebens oder eines einzelnen seiner Gewerbe erheischt, muß abgesondert, und nach vollendetem allgemeinen Unterricht erworben werden. Wird beides vermischt, so wird die Bildung unrein, und man erhält weder vollständige Menschen, noch vollständige Bürger einzelner Klassen … Denn beide Bildungen—die allgemeine und die specielle—werden durch verschiedene Grundsätze geleitet. Durch die allgemeine sollen die Kräfte, d.h. der Mensch selbst gestärkt, geläutert und geregelt werden; durch die specielle soll er nur Fertigkeiten zur Anwendung erhalten. Für jene ist Fertigkeiten zur Anwendung erhalten. Für jene ist also jede Kenntniß, jede Fertigkeit, die nicht durch vollständige Einsicht

> der streng aufgezählten Gründe, oder durch Erhebung zu einer allgemeingültigen Anschauung (wie die mathematische und ästhetische) die Denk— und Einbildungskraft, und durch beide das Gemüth erhöht, todt und unfruchtbar.) (Rothe 2008, 157)

Kontrobersyal ang mahigpit na paghihiwalay na iminungkahi ni Humboldt sa pagitan ng edukasyong pangkalahatan o General Education (GE) at ng edukasyong espesyalista para sa partikular na mga okupasyon. Bagamat ito pa rin sa pangkalahatan ang pinaiiral sa edukasyon sa Alemanya ay dumaraan na rin ito sa krisis sa kasalukuyan dulot ng istandardisasyong isinusulong sa ilalim ng tinatawag na Bologna Process. Hindi kaya't nagkakaroon ang mga kaisipang ito ni Humboldt ng panibagong importansya sa kasalukuyang panahon na tila halos nanganganib na ang saysay ng pangkalahatang edukasyon at kulang na lamang na lunukin ito nang buo ng espesyalistang edukasyon?

Ang isa sa mga hamon sa kasalukuyan para sa katatagan at integridad ng GE ay ang iminumungkahi sa ngayon ng "interdisiplinarisasyon" nito. Ang mga core courses sa antas tersyarya na ipapatupad sa darating na mga taon, batay sa Commission on Higher Education Memo No. 20, Series of 2013 ay dapat nagtataglay na daw ng "interdisciplinary perspective (CHED 2013, 7). Relatibong bago ang ganitong mungkahi sapagkat magkaiba kahit pa magkakaugnay ang kasaysayan at proseso ng paglitaw at pag-unlad ng mga konsepto ng "General Education" at "Interdisciplinary" sa akademiyang Europeo-Amerikano.

Ang GE ang inaasahan na magbibigay ng pangkalahatang batayang pangkaalaman sa mga kabataan bago sila pumaloob sa mga partikular na aralin na nakatuon sa mga napili nilang tiyak na okupasyon o espesyalisasyon. Itinatag ito sapagkat ipinapalagay na kinakailangan ng mga mag-aaral na dumaan muna sa pangkalahatang edukasyon bago sila tumungo sa alinmang partikular na espesyalisadong kurso ng pag-aaral o disiplina. Dapat idiin dito na hindi simpleng kasangkapan lamang ng alinmang disiplinaryong tunguhin ang GE, may sariling

saysay at kabuluhan ang pag-iral nito sa paghuhubog ng mga mag-aaaral labas pa sa kanyang posibleng espesyalisasyon. Mababansagan ang pangkalahatang edukasyon o GE bilang pre-disiplinaryo dahil ito ang yugto bago pa man pumasok sa alinmang partikular na disiplina ang mag-aaral.

Ang "interdisiplinaryo" naman ay masasabing reaksyon sa mahigpit na pagkakabukod ng ng mga disiplina sa isa't isa at ang makitid na disiplinaryong pananaw na dulot nito sa akademikong konteksto. Una itong lumitaw at lumaganap sa Anglo-Amerikanong tradisyon (Frank 1988) (Ipagpapatuloy sa sanaysay na ito ang malawakan nang kumbensyon ng pagtrato bilang magkasingkahulugan lamang ng interdisciplinary at yaong tinatawag na transdisciplinary.) Ayon kina Barry at Born (2013, 11), ang ideyal na modang "integrative synthesis" ng interdisiplinaridad ay may katangian bilang, "the sum of two or more 'disciplinary' components or as achieved through a synthesis of different disciplinary approaches, whether through a process of integration or negotiation." Maaaaring maihanay ang bunga ng mga aktibidad na interdisiplinaryo sa tatlong direksyon: (1) paglitaw ng bagong mga disiplina mula sa mga interdisiplinaryong praktika (emergent disciplines); (2) pagpapatuloy at pagtatatag ng iba't ibang anyo ng interdisiplinaryong praktis na nakabatay sa pag-iral ng mga disiplina; (3) ang transgresibong pagbubuwag o pagkwestyon ng mismong konsepto ng disiplina. Makikita sa mismong depinisyon ng intersiplinaridad na ang pinakaunang batayan ng pag-iral ng anumang interdisiplinaryong pag-aaral ay ang pag-iral ng mga disiplina mismo at, sa gayo'y, may malalim itong katangiang post-disiplinaryo.

Nasa pagsasangang-daan ngayon ang usapin ng GE sa antas kolehiyo dahil sa paghaharap nito sa hamon ng "interdisiplinarisasyon."

Mananatili ba o palalalimin ang katangiang pre-disiplinaryo at pangkalahatan ng GE? O bago pa man ganap na pumasok sa kani-kanilang mga disiplina ang mga mag-aaral ay ihaharap na sa kanila, sa konteksto ng binagong pag-unawa at balangkas ng GE, ang post-

disiplinaryong perspektibang "interdisiplinaryo" kahit sa kontekstong wala pa silang tinutuntungang mga disiplina?

Bago ang lahat, mapapansin na ang paggamit ng konseptong "interdisiplinaryo" sa konteksto ng pagtuturo ay medyo masasabing misnomer. Upang maunawaan ito, maaari munang pag-ibahin ang interdisiplinaryo at multidisiplinaryong pananaliksik. Sinasabing ang multidisiplinaryong pananaliksik ay yaong pagbabahaginan lamang ng mga iskolar mula sa magkakabukod na disiplina hinggil sa isang partikular na usapin o problema. Sa kabilang banda naman, ang interdisiplinaryong pananaliksik ay ang mahigpit na pag-uugnayan at interaksyon ng dalawa o higit pang disiplina upang makamit ang higit na paglilinaw at pag-unawa hinggil sa isang partikular na usapin. Ang limang espesyalista na lumalahok sa isang multidisiplinaryong proyekto ay karaniwang maglalathala ng limang magkakaiba at magkakahiwalay na papel samantalang ang limang espesyalista na lumalahok sa isang interdisiplinaryong proyekto ay malamang maglalathala lamang ng iisang papel na sinulat nilang sama-sama.

Kung malinaw ang ibig sabihin ng interdisiplinaryong pananaliksik, ano naman kaya ang ibig sabihin ng interdisiplinaryong pagtuturo? Kung halimbawa'y ituturo ang sabjek sa etika na may tatlong bahagi na umiinog sa magkakaibang perspektibang syensya, agham panlipunan at humanidades, ito'y hindi maituturing na "interdisiplinaryong" pagtuturo kundi multidisiplinaryo lamang. Isang halimbawang ganitong kalituhan ang makikita sa "Proposed University of the Philippines General Education Courses" (2013) na sabjek hinggil sa "Ethics":

> Natural science: The course on ethics can show how only human beings have developed ethical systems, distinguishing us from the rest of the animal kingdom. The ability to think of ethics can be discussed in the context of evolution, i.e., being "good" seems to have an advantage in terms of natural selection. A simplified discussion of the neurobiological foundations of ethical thinking can be developed.

> Social sciences: The ethics course should include an overview of how ethics came about, and how it is different from religious concepts of right and wrong, religion being based on absolute dogmas while ethical deliberation looks into issues of beneficience (does it bring good?), malfescience (does it do harm?), autonomy (does it violate the individual right to choose?) and justice. Different perspectives on ethics (e.g., virtue ethics, utilitarianism, etc.) will be introduced with practical examples. The course will also bring in cross-cultural differences in the definitions of ethical and unethical behaviour (for example, the emphasis in many societies, including our own, on community or group responsibility rather than just the individual) and will challenge students to analyse the reasons for these differences.
>
> Arts and humanities: Examples from literature (mainly short stories, poetry, essays) can be used to discuss ethical dilemmas that have challenged societies throughout human history.

Nagbibigay lamang ito ng iba't ibang perspektiba ng magkakabukod hinggil sa iisang usapin at sa gayo'y masasabing higit na multidisiplinaryo kaysa interdisiplinaryo. (May pagkakahawig ito sa kaibhan ng ganap na "team teaching" at ng "serial team teaching.") Ang tanong ay kung paano totohanang makapaglulunsad ng interdisiplinaryong pagtuturo? Sa isang banda, makapaglulunsad lamang ng ganitong uring pagtuturo batay sa mga materyales na naipon bunga ng resulta ng buhay, masigla at abanteng kultura ng interdisiplinaryong pananaliksik sa mga pamantasan at sentro ng pananaliksik. Sa kabilang banda, masasabing tunay na mauunawaan lamang ng mga mag-aaral ang ganitong mga resulta kapag may katatagan na sila sa kanilang mga partikular na disiplina. Produktibo rin ang tensyon sa pagitan ng mga disiplina. Ang maagang pagsasa-interdisiplinaryong GE ay maaaring lumusaw o makapagpahina

sa pagkagagap ng mag-aaral sa produktibo at kinakailangang tensyon na ito. Dagdag pa'y nangangahulugan ang ganitong istratehiya ng "interdisiplinarisasyon" ng GE na hinihikayat na ang mga mag-aaral na lapitan ang pag-aaral ng iba't ibang mga sangay ng kaalaman, hindi ayon sa sariling taglay na integridad, halaga at saysay ng mga ito, kundi mula na sa perspektibang kanyang prospektibong disiplina at okupasyon. Sa madaling salita, imbes na nakakatindig ang mga partikular na aralin sa humanidades, agham panlipunan at syensya sa kani-kanilang mga ispesipikong batayan ay labis na maaga o premature na hinihikayat sila na unawain ang mga ito batay sa koneksyon sa kani-kanilang sariling larangan ng hinahangad na espesyalisasyon. Hindi ganap na mapakikinabangan ng mga pre-disiplinaryong mag-aaral ng GE ang inter-disiplinaryo o post-disiplinaryong perspektiba. Ang totoong mangyayari ay magiging mga tagapanood na lamang sila ng mga paligsahan at palabas na interdisiplinaryo o multidisiplinaryong kanilang mga propesor (kung totoong ang may kakayahan ang mga itong tunay na interdisiplinaridad na napakapambihira pa rin). Sapagkat ang rekisito ng interdisiplinaryo ay ang batayang disiplinaryo, samantalang ang rekisito naman ng disiplinaryo ay ang matatag na pangkalahatang edukasyon na pre-disiplinaryo. Ang competence o kakayahang interdisiplinaryo ay masasabing higit na mabisang maipaloob sa mga espesyal na sabjek sa dulo na mismo ng pag-aaral ng mga estudyante ng kanilang mga espesyalisasyon sa unibersidad at hindi sa simula. Ang GE ay naglalayong magbigay ng mapagbuong pananaw at tuntungang integratibo bago maganap ang disiplinaryong paghihiwa-hiwalay ng mga mag-aaral. Ang interdisiplinaryong tunguhin naman ay papatungo sa kabilang direksyon at naglalayong magbigay ng impetus sa mag-aaral patungo sa pagtatagpi-tagpi at pagtatagni-tagni muli ng nagkawatak-watak na kaalaman sa anyong espesyalisasyon. Taliwas sa gayon, sa mismong diwa at kabuluhan ng GE ang pagsasa-"interdisiplinaryo" nito.

Sa katunaya'y sintomas lamang ang diumanong "interdisiplinarisasyon" ng GE ng walang humpay na pagtutulak ng mga pwersang pamilihan

upang apurahin ang pagpapaloob ng mga mag-aaral patungo sa kani-kanilang mga espesyalisasyon. Sa gayon ay lumilitaw ang iba't ibang anyo ng pag-aapura sa mag-aaral upang simulan na niya agad ang buong panahong pag-aaral ng mga sabjek na may kinalaman sa kanyang espesyalisasyon. Maraming mekanismo ang pag-aapurang ito. Ang isang paraan ng pag-aapura ay ang pagbabawas ng mga sabjek sa pangkalahatang edukasyon hanggang sa absolutong minimum na lamang ng mga yunit. Kahit pa halos absolutong minimum na nga ang natitira ay sabay na ipinamamayani ang baluktot na pagkaunawa sa GE. Halimbawa nito ang sabjek na "Purposive Communication" na tuwirang nakaugnay sa mga hinahanap na kasanayan ng job market at walang anumang kinalaman sa matatag na pilosopiya ng GE (CHED 2013, 6). Hangga't maaari, ang hinahayaang matirang mga sabjek sa kurikulum ng GE ay yaong itinuturing na may kagyat na koneksyon sa mgapapasukangtrabahoatokupasyon,anglahatngibapaayitinuturing napag-aaksayalamangngpanahonatrekurso.Anginterdisiplinarisasyon ngpangkalahatangedukasyonaybungarinngpag-aapurangito.Walapa mangdisiplinangkinabibilanganangmgamag-aaralsaunangdalawang taon ng kanilang pag-aaral ay hinihikayat na sila agad na unawain ang mga aralin sa GE mula sa punto de bista ng dibisyon ng mga disiplina sa anyo ng isang interaksyong binabansagang "interdisiplinaryo."

May mabagsik na paghihilahan na nagaganap ngayon kung saan nasa isang panig ang patuloy na pag-iral ng GE bilang paghahangad na humubog ng mga mag-aaral sa pakahulugang humanistiko, at, sa kabilang panig, ang ganap na pagpapadala sa lohika ng pamilihan na ang ipinapalagay na mahalagang paunlarin lamang na bahagi ng tao ay yaongpumapasokatumaangkopsakasalukuyanglokalatinternasyonal na dibisyon ng paggawa. Ang mga hakbanging ito ay dulot, higit sa lahat, ng papatinding komersyalisasyon ng edukasyon at tuwirang pagkakabit nito sa industriya at negosyo. Lalong nagpapahigpit ang ugnayanngedukasyonsamgapangangailanganngpamilihangpaggawa napambansaatpandaigdigan.Tumitindiangpresyursamgainstitusyong


pang-edukasyon na bawasan ang panahon at badyet na inilalaaan (o "inaaksaya") ng mga ito para sa pag-aaral ng mga sabjek sa GE para makaagapay sa rumaragasang kumpetisyon at internasyonalisasyon. Sa ganitong konteksto, ang itinuturing na makabuluhan lamang na kaalaman ay yaong tuwirang may kinalaman sa nilalayong pinal na resulta o produktong kinakailangan sa mga trabaho at propesyon na hinahanap ng negosyo. Hindi karaniwang ipinapalagay ng mga kumpanya na mahalaga ang kaalamang pangkasaysayan o pampanitikan sa kanilang mga empleyado.

Dagdag pa rito, ang pagbabawas at pagbabago ng oryentasyon ng mga sabjek sa GE ay nakakabit din sa tinatawag na "rasyonalisasyon" ng mga institusyong pang-edukasyon sa usapin ng pagbabawas ng gastusin ng pamahalaan at ng mga negosyo sa edukasyon. (Tingnan dito ang usapin ng "first cut" ng mga kurso dahil sa mababang "enrolment rates" sa "Plans for the Streamlining of Academic Degree Programs" ng University of the Philippines–Los Baños at University of the Philippines–Manila [2014].) Sa pamamagitan ng "interdisiplinarisasyon" ng mga sabjek sa GE na nakakabit sa mga disiplina sa humanidades at agham panlipunan katulad ng kasaysayan, araling sining o literatura, ang mga departamento at kolehiyo na nagtuturo ng naturang mga sabjek ay natatanggalan ng kanilang matibay na tuntungang institusyonal sa edukasyong tersyarya. Malinaw na ang pangunahing tunguhin ng mga unibersidad sa ngayon ay ang pagpaparami ng mga mag-aaral sa mga kurso na ipinapalagay na hanap-hanap sa pamilihan tulad ng nursing, caregiving, information technology (IT) at business administration.

Matagal nang kinakaharap ng maraming larangan sa agham panlipunan at humanidades ang krisis na dulot ng ganap na komodipikasyon ng edukasyon. Ngunit kung dati'y may mga partikular pang sabjek sa GE na para sa lahat ng estudyante na nakaatas sa partikular na mga departamento at kolehiyo sa agham panlipunan at humanidades (na nagsisilbing matatag na tuntungan ng mga disiplina na ito sa loob ng unibersidad), ang interdisiplinarisasyon ng GE ay nangangahulugan

na ang mga tuntungan na ito ay matatanggal na. Masasabing "paghila ito ng banig" mula sa kanilang kinatatayuan. (Tingnan Larawan 1.) Sa isang banda ay kumparatibong mas mababa na nga ang bilang ng mga mag-aaral ng mga araling ito kaysa sa ibang mga kurso. Sa kabilang banda naman, sa balangkas na interdisiplinaryo ng GE, ay hindi na nakaatas sa kanila ang pagtuturo ng mga sabjek na ito nang buong panahon. Nangangahulugan ang dalawang bagay na ito na nanganganib na ang papel ng mga tinamaang disiplina at maging ang lugar ng mga guro mismo sa loob ng mga pamantasan.

Ano ang mga konkretong implikasyon nito para sa mga naturang disiplina? Maipapailalim ang mga ito sa "rasyonalisasyon" sa pamamagitan ng pagsasara at/o pagsasanib ng mga departamento/kolehiyo. Pagkaraan ay maaaring pagsilbihin ang mga guro sa mga larangan ng agham




Larawan 1: Interdisiplinarisasyon bilang "Paghila ng Banig" mula sa Ilalim ng mga Disiplina

panlipunan at humanidades sa GE bilang service faculty ng malalaking mga kolehiyo. Mababawasan sa gayon ang kakailanganing bilang ng guro at maitatakda ang karamihan bilang part-time o kontraktwal. Kaakibat nito ay hihina ang katatagang disiplinal sa pagtuturo at pananaliksik ng mga naturang larangan kasabay ng malaking paghina o pagbawas sa gradwadong mga digri na kinukuha sa mga larangang ito (dahil wala nang puwesto sa edukasyong tersyarya).

Ang iilang mga espesyalistang naiwan sa mga naturang disiplina ay ituturing na lamang bilang mga pandagdag o katuwang na mananaliksik sa mga proyektong interdisiplinaryo na umiinog sa isa o iilang master na disiplina sa hanay ng binansagang STEM (Science, Technology, Engineering and Mathematics). Sa paghina ng batayan ng pag-iral ng mga disiplinang humanistiko sa mga pamantasan ay nanganganib mismo ang proyektong interdisiplinaryo na nakabatay sa pag-iral at katatagan ng mga disiplina. Ayon kina Barry at Born (2013, 11), mahalagang pag-ibahin ang dalawang mayor na moda ng interdisiplinaridad. Ang una ay ang nabanggit nang modang "integrative synthesis" na matagumpay na nakapagkukumbina at nakapagpapatagpo ng dalawa o higit pang mga disiplina. Ito ang karaniwang ideyalisadong paglalarawan sa konsepto at praktika ng interdisiplinaryong pananaliksik. Ang ikalawa naman, at pinakalaganap na moda, ayon sa kanila, ay ang modang "subordination service" kung saan ang isang disiplina ay nakapailalim sa isang herarkiya sa pagitan ng isang master o among disiplina at ang disiplinang nagsisilbi lamang dito. Halimbawa nito'y ang pangangailangan ng mga inhinyerong magtatayo ng isang dam ng mga sociologist o anthropologist upang mapigilan o mapahina ang paglaban at pagprotesta ng mga pamayanang maaapektuhan ng proyekto. Isa pang halimbawa nito ay ang paggamit ng mga pintor, manunulat at musikero upang pagandahin sa mata ng publiko ang proyektong siyentipiko tulad ng paglalakbay patungo sa planetang Mars o pagpapalaganap ng genetically modified organisms.

Ayon nga sa isa sa mga nangungunang iskolar ng "interdisciplinarity" na si Robert Frodeman, "new inter- and transdisciplinary standards can

become a stalking horse for the neoliberal agenda. In opening up our understanding of rigor to more-than disciplinary standards we could also strike at the integrity of university life. Universities could lose their critical function, being reduced to a one-dimensional tool of marketing and the status quo" (Aking ang diin—RG) (2014, 51). Ayon sa kanya, nagbago na ang impetus para sa interdisiplinaridad nitong nakaraang mga taon, at ang pangalan ng pagbabagong impetus na ito ay tinukoy din niya,

> Neoliberalism names the shift in public philosophy over the past 40 years, the development of a new public management paradigm that seeks to govern every social institution by market relations. Under a neoliberal regime education is treated as a private rather than a public good, undercutting the financial model of state university systems, as the responsibility for funding higher education shifts from the state to the individual. The drive to apply market mechanisms to every aspect of the academy implies that areas without a clearly saleable market presence could simply disappear. (77)

Matindi ang nakikitang epekto ni Frodeman ng paggamit ng ideolohiyang neoliberalismo sa "interdisiplinaridad" bilang "stalking horse" o balatkayong pagpapanggap lamang para maisakatuparan nito ang agenda ng marketisasyon ng edukasyon. Hindi optimistiko ang prognosis ni Frodeman sa hinaharap kaya iminumungkahi na lamang niya ang paghahanap ng isang "non-disciplinary career track" para sa mga iskolar na nasa mga humanistikong disiplina.

Ang tunay na interdisiplinaridad ay isang magandang hangarin kapag nangangahulugan itong simetrikong relasyon at paggagalangan ng mga disiplina sa isa't isa sa pagsasagawa at pagbubuo ng iba't ibang moda at kompigurasyon tungo sa pagtuklas ng higit na kaalaman. Nangangahulugan ang "disiplinaridad" na may katangiang masinsin, maunlad at sistematiko ang isang erya ng kaalama't pananaliksik.

Hindi dapat ipagkait ang ganitong dignidad sa humanidades at agham panlipunan tulad ng ibinabanta ng neoliberal na interdisiplinaridad. Sa neoliberal na interdisiplinaridad ay nanganganib na malamon ang mga disiplina sa agham panlipunan at humanidades ng mga disiplina sa siyensya, inhenyeriya o business administration sa modang "subordination service" ng interdisiplinaridad. Ang neoliberal at nakatuon-sa-pamilihan na interdisiplinaridad ay nangangahulugan ng paghina ng disiplinal na katatagan, kung hindi man abolisyon, ng malaking bahagi ng humanidades sa mga pamantasan. Dulot nito'y patiang mga natatanging layunin ng malawakang edukasyon ng GE ay nanganganib na rin. Hindi ang kakulangan ng interdisiplinaryong perspektiba sa GE ang lumilikha ng mga siyentista na labis na mahina ang pagkagagap sa partikular na katangian ng mga disiplinang panlipunan at pangsining na karaniwang humahantong sa payak na "positibismo" o "siyentismo" (Adorno et al. 1976). Hindi rin ito ang pinanggagalinan ng kamangmangan ng mga nasa humanidades at agham panlipunan hinggil sa batayang mga ideya ng siyensya tulad ng makikita sa binansagang "fashionable nonsense" nina Alan Sokal at Jean Bricmont (1998). Nanggagaling ito sa tuloy-tuloy na pagpapahina ng sentral na lugar ng GE bilang GE sa buhay at kultura ng Unibersidad.

Nangangahulugan ba ito na dapat lamang magpatuloy ang GE sa kasalukuyan nitong anyo na walang anumang pagbabago? Tila hindi na ito posible.

Pundamental na kahilingan para sa pagpapanibagong-hubog ng GE para sa kasalukuyang panahon ang malalim na kritika ng namuo't nanigas nang mga hangganan sa pagitan ng humanidades, agham panlipunan at syensya. Hindi nangangahulugan ang ganitong matinding kritika ng payak at labis na simpleng "solusyon" ng neoliberal na interdisiplinaridad. Ang mga makabagong sabjek sa GE ay dapat nakatuntong sa mga partikular na batayang disiplinal habang "tumutungo ito papalabas" patungo sa pagpapalawig ng ugnayang multidisiplinaryo at interdisiplinaryo nito sa ibang mga disiplina. Nangangahulugan ito na

posible rin ang pagsasagawang paghahalo at paghahalili ng pagtuturong disiplinal, multidisiplinaryo at interdisiplinaryo sa pagtuturo ng mga sabjek sa GE. Sa ganitong paraan ay matatransporma ang mga konsepto ng disiplinaridad o interdisiplinaridad mula sa pagiging isang diumanong "oryentasyon" na pang-edukasyon (hal. "interdisiplinaryong oryentasyon") tungo sa pagiging mga kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto, sa madaling salita, dapat ituring na lamang ang mga ito bilang mga kasangkapang pedagohikal. Maaaring magkaroon ng mga sesyon ng pagtuturong disiplinal (iisang guro), multidisiplinaryo (mas marami sa iisang guro) at interdisiplinaryo (isa o mas maraming guro). Ngunit hindi dapat malimutan na dapat panatilihin ng GE ang katangian nito bilang pangkalahatang edukasyon na pre-disiplinaryo sa esensya. Wala itong partikular na disiplina na kinikilingan bilang kabuuan sapagkat tinitiyak nito ang lahatang-panig na pagpapalawak ng perspektiba ng bawat mag-aaral.

Ang ikalawa't napakahalagang bagay na kinakailangan para sa bagong anyo ng GE ay ang pagpapalit sa eurosentriko, patriyarkal at elitistang mga katangian ng klasikal na "kanluraning humanismo" (kasama na marahil si Humboldt dito) ng isang bagong humanismong seryosong humaharap sa mga usapin ng uri, kasarian, lahi, etnisidad at kalikasan. Dulot nito'y nararapat lamang na nakaugat ang bagong humanismo na ito sa lipunan, kultura at kasaysayan at nagbibigay-diin sa kabuluhang panlipunan ng kaalaman.

## Kongklusyon

Ang isang taong may Bildung ay may malawak na kaalaman at may taglay na iba't ibang antas at saklaw sa pag-unlad ng kanyang mga kaalaman at kakayahan. Bagamat maaaring may higit na malalim siyang kaalaman sa isa o higit pang mga partikular na larangan ng kaalaman ay hindi masasabing simpleng "espesyalista" ang ganitong uri ng tao. Dulot ng malawak niyang kaalaman at pamilyaridad sa iba't ibang larangan ng kaalaman bilang mga bahagi ng isang naipag-tatagni-tagning kabuuan

ay maaari siyang makipag-ugnayan sa kanyang gawaing pananaliksik at/o mga praktikal na okupasyon sa iba pang mga indibidwal na may kahalintulad na Bildung.

Tulad ng makikita sa sipi mula kay Humboldt, pang-ordinaryong mamamayan at hindi pang-elitista ang larawan niya ng ganitong uri ng indibidwal. Pati ang magiging karpintero ay hinikayat niyang mag-aral ng wikang Griyego! Pinahalagahan ni Humboldt ang pagpapaunlad ng buong pagkatao, ng sarili at ng mga kakayahan ng bawat isang indibidwal na kumikilala sa partikularidad ng pag-unlad ng bawat tao na nagbibigay naman sa kanya ng kasiyahan at katuparan sa kanyang pag-iral at kahusayan bilang tao at mamamayan. Sa neoliberal na edukasyon, nakatuon na lamang ang pag-aaral sa mga kaalaman at kasanayan na kailangan sa pamilihan sa paggawa batay sa mga istriktong naitakdang kurikulum ng mga partikular na espesyalisasyon alinsunod sa modang "outcomes based education" (ASEAN University Network 2011). Imbes na pinahahalagahan ang partikularidad ng mga indibidwal at ang kanilang mga kultura at kasaysayan ay iginigiit ng neoliberal na edukasyon ang istandardisasyon at pagka-masusukat ng mga kaalaman at kasanayan ng bawat indibidwal alinsunod sa mga naitakdang pamantayang pang-ekonomiya na pambansa at internasyunal ("internationalization"). Ang konsepto ng walang tigil at habambuhay na pagpapaunlad ng mga kakayahan at pagpapalawak ng kaalaman ng isang taong may Bildung ay pinapalitan ng neoliberal na edukasyon ng imperatibo ng patuloy na pag-aaral ng mga kaalaman at kasanayan batay sa laging nagbabagong pangangailangan ng pamilihan sa konteksto ng kontraktwalisado at pleksibilisadong paggawa. Ito ang "lifelong learning" na kontraktwalisadong manggagawa na maaaring magtrabaho sa isang call center, magprito ng hamburger sa isang fast food chain o maging security guard sa isang bangko bawat anim na buwan. Imbes na naglalaan ng sapat na panahon ng pag-aaral na naaangkop at nababagay sa pangangailangan ng pag-unlad ng pagkatao ng mga indibidwal sa pamamagitan ng malawak na edukasyon ay pinaiikli ang panahon ng

pag-aaral at binabawasan ang nakalaang oras para sa pangkalahatang edukasyon upang mas mabilis na matugunan ang mga eskwelahan sa kagyat na mga pangangailangan at "turnover" ng pamilihan sa paggawa ("on time graduation rates" ang diin ngayon).

Sinasabing isang malaking kahinaan ng konsepto ng Bildung ni Humboldt ang hindi nito sapat na pagsasaalang-alang sa kapangyarihan ng mga pwersang pampamilihan. Pero hindi kaya ito na ang panahon upang ipagtanggol na ang konsepto at praktika ng mataas na edukasyon sa labis na panghihimasok ng lohika ng negosyo? Maraming edukador pa naman marahil ang naniniwala sa kanilang kaloob-looban na may higit pang hinahangad at tungkuling gagampanan ang edukasyon para sa mga mag-aaral kaysa maging kalakal lamang na pinakamatagumpay at pinakamabilis na maibebenta sa pamilihan ng paggawa.

Binasa noong 29 Septeyembre 2014<br>
C. M. Recto Hall, Bulwagang Rizal,<br>
University of the Philippines

Mga Sanggunian

Adorno, Theodor W. et al. 1976. The Positivist Dispute in German Sociology. London: Heinemann Educational Books Ltd.

ASEAN University Network. 2011. Guide to AUN Actual Quality Assessment at Programme Level. Bangkok: AUN Secretariat.

Barry, Andrew at Georgina Born (mga pat.). 2013. Interdisciplinarity: Reconfigurations of the Social and Natural Sciences. London & New York: Routledge.

Commission on Higher Education (CHED). "CMO No. 20, Series of 2013." Web. 08 September 2014. http://www.scribd.com/doc/160890783/New-General-Education-Curriculum-K-to-12-compliant-as-per-CHED-Memorandum-Order-CMO-No-20-s2013-pdf.

Frank, Roberta. 1988. "'Interdisciplinarity': The First Half Century." Sa Words: for Robert Burchfield's Sixty-Fifth Birthday. Eric Gerald Stanley at T.F. Hoad, mga pat. Cambridge: Boydell & Brewer Inc., pp. 91–101.

Frodeman, Robert. 2014. Sustainable Knowledge: A Theory of Interdisciplinarity. New York: Palgrave Macmillan.

Humboldt, Wilhelm von. 1964. Werke I. A. Flitner K. Giel, mga pat. Stuttgart: Cotta.

Rothe, Georg. 2009. Berufliche Bildung in Deutschland. Das EU-Reformprogramm "Lissabon 2000" als Herausforderung fuer den Ausbau neuer Wege beruflicher Qualifizierung im lebenslangen Lernen. Germany: Universitätsverlag Karlsruhe.

Sokal, Alan at Jean Bricmont. 1998. Fashionable nonsense: postmodern intellectuals' abuse or science. New York: Picador.